



Lesson Exemplar sa Filipino Baitang 7 **Unang Markahan**

Paksa: Mga Tayutay

Akdang Babasahin: Ang Pintor ni Gerry Gracio

Inihanda ni:

G. Bennedick T. Viola

Muñoz National High School-Annex
Division of Science City of Muñoz

LESSON EXEMPLAR SA FILIPINO Baitang 7

Kasanayan: Natutukoy ang tamang tayutay sa akdang binasa.



Kumusta ka na kaibigan? Marahil ay marami ka nang natutunan sa mga nakaraang paksang pinag-aralan natin sa mga nakaraang araw. Dagdagan pa natin ha? May inihanda akong bagong aralin para sa iyo. Tiyak na mawiwili ka sa pagsagot sa mga gawaing inihanda ko dito.

I. Ano ang matutunan mo? (Layunin)

Matapos mong pag-aralan ang modyul na ito ay inaasahan kong matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan:

- a. Naiisa-isa at naibibigay ang kahulugan ng mga uri ng tayutay.
- b. Nakapagbibigay ng halimbawang tayutay.
- c. Nagagamit ang tayutay bilang isang masining na pagpapahayag.

II. Ano na ba ang alam mo? (Pagganyak na mga tanong/Gawain)

Bago ka pumunta sa mga gawaing inihanda ko, subukan mo munang sagutin ang pagsusulit sa ibaba upang masukat ang dati mong kaalaman sa paksang ating tatalakayin.



Panuto: Tukuyin mo kung anong uri ng tayutay ang mayroon sa bawat pahayag. Piliin mula sa kahon ang tamang kasagutan.

- A. Pagwawangis

B. Pagmamalabis
- C. Pagsasatao

D. Pagtutulad



1. Amoy basang medyas ang kuwarto natin ngayon!
2. Gaposte na si Marya ngayon.
3. Ngumiti sa akin ang araw sa aking pagtingala.
4. Kumakaway ang mga bulaklak sa hardin.
5. Pakiramdam ko nililitson ako sa sobrang init.

Subukin mong tignan ang susi ng kasagutan nasa dulong pahina ng modyul na ito. Nasagot mo ba nang tama ang lahat ang tanong? Kung hindi, huwag kang mamroblema dahil panimula pa lamang yan. Halika't pag-aralan na natin ang paksang lba't ibang tayutay.

III. Pagpapalawak ng aralin

Handa ka na ba kaibigan? Dumako na tayo sa isa sa mga mahahalagang bahagi ng araling ito. Sa bahaging ito’y tiyak kong marami kang matututunan. Isipin mo lamang na malaki ang kapakinabangan nito sa iyo.



Ang **tayutay** ay mga pahayag na sadyang inilayo sa karaniwang kahulugan ang nais ipahiwatig. Ginagamit ito upang maging masining, malikhain at kaakit-akit ang pagpapahayag.

Naririto naman ang mga uri ng tayutay:



1. Pagtutulad

Ito ay pinakasimpleng paraan ng paglalarawan at paghahambing. Madalas na gumagamit ng mga salitang: Tulad ng, Parang, Gaya ng, Kasing-, Sing-, at Ga-.

Halimbawa: *Gaano ka kaya kasuwerte ngayon?*
Sing-alat ng bagoong ang suwerte ko ngayon!

2. Pagwawangis

Ito naman ay tuwirang paglalarawan ng isang tao, bagay pook, o pangyayari. Hindi na ito gumagamit ng mga katagang nabanggit sa pagtutulad.

Halimbawa: *Gaano siya kagaling lumangoy?*
Pating ‘yan sa tubig!

3. Pagsasatao

Ang pahayag na ito ay paglalarawan sa mga bagay sa paligid gamit ang mga katangiang pantao lamang. Maari itong gumamit ng pandiwa o pang-uri na para sa tao lamang.


Halimbawa: *Ano ang nangyari sa mga puno?*
Yumuyugyog ang puno ng niyog.
Paano kumikilos ang oras?
Tumatakbo ang oras.

4. Pagmamalabis

Sa pahayag na ito pinaliliit o pinalalaki ang paglalarawan sa isang bagay tao, o pangyayari. Sobra-sobrang paglalarawan, madalas na hindi na makatotohanan.

Halimbawa: *Gaano siya kapawis?*
Timba-timba ang pawis niya.

Tandaan mo na ang bawat masining na pagpapahayag ay may kaakibat na reponsibilidad. Siguraduhin mo munang akmang ang paglalarawan sa isang tao, bagay pook o pangyayari bago mo ito ipahayag.



Naunawaan mo ba ang mga ipinaliwanag ko? Ang paggamit ng tayutay ay mas mabisang maipahahayag sa pagsusulat ng isang tula. Subukin mong basahin ang sumusunod na tula at pagkatapos ay sagutin mo ang mga tanong:

Tula:



Ang Pintor
(Jerry Gracio)

Gumuhit siya ng ibon
Lumipad ito palayo
Gumuhit siya ng isda,
Lumangoy ito sa hangin.
Gumuhit siya ng bulaklak,
Nagkalat ang halimuyak sa dilim.
Iginuhit niya ang sarili,
At inangkin siya ng kambas.

IV. Gawain

Nagustuhan mo ba ang tula? Anong bahagi ng tula ang lubos mong nagustuhan? Ngayon ihanda mo na ang sagutang papel at sagutin ang sumusunod na Gawain.

MGA TANONG

1. Ano ang nangyari sa mga iginuhit ng pintor?
2. Anong mga salita ang magpapatunay sa inyong sinabi?
3. Maituturing bang nabigyang-buhay ng pintor ang kaniyang larawan?
4. Ano ang nangyari sa pintor sa huling dalawang saknong? Nagbigay-buhay ba siya o nasira ang kaniyang buhay?

Dito mo isulat ang iyong mga sagot:

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____



A. Pagtukoy sa tayutay

PANUTO: Tukuyin kung anong uri ng tayutay mayroon ang bawat pahayag. Piliin ang iyong sagot sa kahon.

A. Pagwawangis	C. Pagsasatao
B. Pagmamalabis	D. Pagtutulad



- _____ 1. Sintaas ng Tore ni Babel ang bagong gusali!
- _____ 2. Kapag mas amoy-paa ang bagoong, mas masarap!
- _____ 3. Tumatakbo ang oras.
- _____ 4. Pakiramdam ko’y nasa loob ako ng freezer SA LAMIG DITO SA BAGUIO!
- _____ 5. Ikaw ay isang tala sa aking paningin.
- _____ 6. Bumaha ng handa sa kanilang bahay noong kaarawan ni Kapitan.
- _____ 7. Lumilipad na naman ang isip ni Robert.
- _____ 8. Para kang latang walang laman.
- _____ 9. Nalaglag ang puso niya sa tuwa nang malamang nakapasa siya sa Board
- _____ 10. Si Benhur ang susi sa kaso ng PDAF Scam.



V. Pag-unawa


Katulad ng pintor sa tula lahat tayo ay may angking talento, kailangan lamang nating suriing mabuti ang ating mga sarili. Sa pagsusuri ng sarili, mayroon kang matutuklasan. May mga kakayahan kang hindi dapat itinatago subalit dapat na ibinabahagi .Alam kong marami kang talentong dapat gamitin.

Halika at itala mo ang iyong mga natatanging talento at isulat mo rin kung paano mo ito ibabahagi at palalaguin.


Mga Talento ko



- 1. _____
- 2. _____
- 3. _____
- 4. _____



Gagawin ko mula ngayon ang mga sumusunod:



- 1. _____
- 2. _____
- 3. _____
- 4. _____

VI. Susi ng kasagutan

Test II. Pagganyak

Pagwawangis	1. Amoy basang medyas ang kuwarto natin ngayon!
Pagtutulad	2. Gaposte na si Marya ngayon.
Pagsasatao	3. Ngumiti sa akin ang araw sa aking pagtingala.
Pagsasatao	4. Kumakaway ang mga bulaklak sa hardin.
Pagmamalabis	5. Pakiramdam ko nililitson ako sa sobrang init.

Test IV. Gawain Pagtukoy sa Tayutay

- 1. Pagtutulad
- 2. Pagwawangis
- 3. Pagsasatao
- 4. Pagmamalabis
- 5. Pagwawangis
- 6. Pagmamalabis
- 7. Pagsasatao
- 8. Pagtutulad
- 9. Pagmamalabis
- 10. Pagwawangis

Inihanda ni:

BENNEDICK T. VIOLA
Muñoz National High School-Annex
Division of Science City of Muñoz